Pandarayuhan, Paglilipat at Karapatang Pantao sa mga rehiyon ng Kanlurang Asya at Asya-Pasipiko.
Ang Krisis sa Klima at ang Epekto nito sa Kabuhayan ng mga Kababaihan

Panimula at Pangkalahatang-ideya

Ang Women in Migration Network (WIMN), sa suporta ng Solidarity Center, ay nag-host ng virtual na kaganapan, *Pandarayuhan, Pag-alis at Karapatang Pantao sa mga rehiyon ng Kanlurang Asya at Asya-Pasipiko: ang Krisis sa Klima at ang Epekto nito sa Kabuhayan ng mga Kababaihan* noong Enero 19, 2023.

Ang webinar ay umakma sa kahilerang kaganapan ng WIMN, "Pandarayuhan, paglilipat at mga karapatang pantao ng kababaihan sa krisis sa klima," na ginanap noong nakaraang taon sa panahon ng Komisyon ng UN sa Katayuan ng mga Kababaihan (CSW66). Ang kaganapang iyon ay bahagi ng panrehiyon at internasyonal na serye ng diyalogo ng WIMN, Pag-uugnay at Pagsasama-sama ng Pandarayuhan at Kasarian: *Pagbubuo nang Mas Makapangyarihang mga Kilusan, na sinusuportahan ng Robert Bosch Stiftung, na naglalayong itaguyod ang interseksyonal na peministang paglapit sa pagbabawas ng hindi pagkakapantay-pantay.* Nakatuon ang webinar na ito sa mga rehiyon ng Kanlurang Asya at Asya-Pasipiko, na dahil sa mga isyu sa time zone, ay hindi ganap na nakalahok sa kaganapan taong 2022.

Ang parehong webinar ay inorganisa bilang bahagi ng gawain ng WIMN upang bumuo ng isang peministang pagsusuri ng pandarayuhan at pagbabago ng klima—pagtugon sa mga interseksyon, isyung istruktural, at mga konkretong epekto kasama na rin ang mga pagkakaiba sa mga pagsusuri at patakaran. Ang koneksyon ng kasarian, klima at pandarayuhan na ito ay isang mahalagang elemento sa pagsisikap ng WIMN na bumuo ng isang sama-sama, batay sa katutubo na Patakaran sa Peministang Pandarayuhan.

Ang kaganapan noong Enero ay kinabibilangan ng mga kalahok mula sa internasyonal, rehiyonal at lokal na mga organisasyon, pandaigdigan at rehiyonal na mga donor, rehiyonal na media, pamahalaan, at akademiya mula sa iba't ibang unibersidad. Ibinigay ang sabay-sabay na interpretasyon sa Arabic, Bahasa at Tagalog - isang hakbang patungo sa pagtupad sa pangako ng WIMN na balansehin ang mga pagkakaiba ng kapangyarihan na umiiral sa antas ng linggwistiks. Ang video recording ay mayroon lamang sa wikang Ingles dahil sa mga teknikal na limitasyon.

Sa tulong ng mga miyembro, kapanalig at ibang mga kontak, pinagtipun-tipon ng WIMN ang mga tagapagsalita mula sa mga rehiyon ng Kanlurang Asya at Asya-Pasipiko. Sinayasat ng panayam kung paano nakakaapekto ang pagbabago ng klima at mga kaganapan sa matinding panahon sa kabuhayan ng mga kababaihan at kung paano maaaring humantong ang mga epektong nabanggit sa pag-alis at/o pandarayuhan.

Si Aya Ibrahim, isang mananaliksik sa United Nations Economic and Social Commission for Western Asia (ESCWA), ay nagsalita ukol sa epekto ng pagbabago ng klima sa rehiyon ng Arab, kabilang ang mga halimbawa mula sa Kanlurang Asya. Nakatuon siya sa mga kabuhayan (kaugnay ng mga epekto gaya ng pagtaas ng temperatura, kakulangan ng tubig, produktibidad sa agrikultura) at ipinaliwanag kung paano nag-uugnay ang matinding lagay ng panahon at pagbabago ng mga pattern ng klima sa pandarayuhan at pag-alis.

Ang isang panig ng mga lider ng mga kababaihan ay nagsalita ukol sa mga pangunahing hamon na kinakaharap ng mga kababaihan dahil sa krisis sa klima at kanilang mga karanasan sa pag-oorganisa at pagtugon sa mga hamong ito. Kasama sa mga panelist si Aydah Akao, Koordineytor ng Network of Indigenous Peoples in the Solomon Islands (NIPS); Editha Barrientos, Kinatawan ng Sandigan Bahrain; at Triana K. Wardani, Kalihim-Heneral ng SERUNI - Serikat Perempuan Indonesia.

Nagtapos ang mga panelist sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga pangunahing kahilingan sa patakaran upang magsilbing mga panimulang input tungo sa isang sama-samang plataporma ng adbokasiya.

Mga highlight ng webinar

- **Ang pagbabago ng klima ay nakakaapekto sa mga pangkaraniwang mapagkukunan ng anumang bansa, lalo na ang pagkain at sariwang tubig, at nag-uudyok sa pag-alis**

  Ang mga nakakapinsalang mga bagyo, baha, napakalaking apoy at tagtuyot ay may malaking epekto sa mgaproduksyon ng agrikultura at pangingisda, ang pangunahing pinagmumulan ng kita at kabuhayan ng kababaihan sa maraming rehiyon.

  Binigyang-diin ng mga panelist kung paano nakakaapekto ang mga partikular na kahihinatnan ng global warming (mas mainit na temperatura, mas matitinding bagyo at tagtuyot, tumataas na karagatan, at higit pa) sa buhay ng mga tao. Halimbawa, ang pagtaas ng lebel ng dagat ay pumipilit sa mga tao na lumipat ng tirahan sabay ng pagkawala ng kanilang tirahan at lupang ginagamit para sa paghahalaman, na nakakaapekto sa seguridad sa pagkain at kabuhayan. Ang mga sitwasyong ito, kasama ang kakulangan ng mga serbisyo upang mapawi ang mga epektong ito, ay nag-uudyok sa pag-alis at hindi lamang sa pagkawala ng mga tahanan, pati na rin sa mga pamana at mga tradisyon.

- **Pinapangunahan ng mga kababaihan ang pagpapatupad ng mga aktibidad upang protektahan ang kapaligiran, ganun na rin ang kanilang mga buhay.**

  Nagbahagi ang mga panelist ng mga halimbawa ng mga estratehiya na pinangunahan ng mga organisadong kababaihan upang matugunan ang mga nakakawasak na epekto ng pagbabago ng klima:
  - pangangalaga at pagpapanumbalik ng kagubatan

- pagdodokumento ng mga hamon at sama-samang pag-iisip tungkol sa hinaharap
- pagpapalawak ng kamalayan
- pagbuo ng mga bagong paraan upang preserbahin ang mga pagkain at mangolekta ng tubig, bukod sa iba pa

Ang gawain kasama ang mga komunidad ay lubos na nakatuon sa pagpapagaan at pagbagay at tungo sa pagbuo ng katatagan, pagpapalakas ng mga komunidad at pangunguna laban sa pagbabago ng klima.

Kung magagawa nating umangkop, maaaring bumaba ang mga pattern ng pandarayuhan, komento ni Triana K. Wardani. Ang kolektibong organikong pagsasaka, bahagi ng isang mas malawak na kilusang agro-ekolohikal, ay isa sa mga estratehiya ng katatagan ng komunidad na tumutulong din na mabawasan ang mga sanhi ng pagbabago ng klima at umangkop sa mga bunga nito.

Nabanggit ni Aya Ibrahim na isinasaalang-alang ng gobyerno ng Lebanese ang papel ng mga kababaihan sa pagharap sa pagbabago ng klima. Ang kamakailang pambansang komunikasyon sa pagpapatupad ng Kasunduan sa Paris ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng mga tungkulin ng mga kababaihan at kasama ang pagsusuri ng kasarian na tinatasa ang papel ng kababaihan sa iba't ibang aspeto ng pamamahala, patakaran at proseso ng pagpaplano na may kaugnayan sa pagbabago ng klima.

- **Ang datos na nakabatay sa ebidensya-ay susi sa pag-unawa ng mga epekto ng pagbabago ng klima at upang bumuo ng parehong epektibong mga patakaran at mga kampanya ng adbokasiya.**

Ang pag-init ng mundo at pagbabago ng klima ay nasa likod ng karamihan sa tinatawag na "natural na mga sakuna"[1]. Ibinahagi ng mga panelist kung paano kailangan ang kalidad ng impormasyon sa mga epekto, na kung saan ay makakaambag sa mas mahusay na pagpaplano at mas tumpak na mga sagot, habangnagpapalawak ngkamalayan. Ang The Regional Initiative for the Assessment of Climate Change Impacts on Water Resources and Socio-Economic Vulnerability in the Arab Region (RICCAR) ay ipinakilala sa webinar. Ito ay isang panrehiyong inisyatiba upang masuri ang mga epekto ng pagbabago ng klima sa mga mapagkukunan ng tubig-tabang sa rehiyon ng Arab at upang suriin ang mga implikasyon para sa kahinaan sa sosyo-ekonomiko at kapaligiran batay sa mga detalye ng rehiyon.

- **Ang pag-unawa sa pagbabago ng klima at ang mga epekto nito ay kritikal upang itaas ang kamalayan, organisahin, at iwasan ang mga maling interpretasyon at pang-aabuso.**

Ang kalidad at naa-access na impormasyon ay mahalaga upang palakasin ang pag-oorganisa at pagtataguyod ng mga organisado sa sarili na komunidad sa pagbabawas ng panganib sa kalamidad, pagbuo ng katatagan at iba pang mga

[1] *Ang mga sakuna ay hindi natural, ngunit sa halip ay ang mga bunga ng mga aktibidad at patakaran ng tao.* Elizabeth Ibarra, Isang interseksyonal na peministang diyalogo at NGO CSW66 kahilerang ganap.

aksyon upang harapin ang mga epekto ng pagbabago ng klima, kabilang ang pagtatag ng mga karapatang pantao at proteksyon, at paglaban sa mga pang-aabuso mula sa iba pang mga stakeholder.

Pinuna ni Triana K. Wardani ang paggamit ng adaptasyon at pagpapagaan na mga programa na nagdadala ng dayuhang pamumuhunan at utang para sa kapakinabangan ng iilan sa loob ng mga naghaharing uri. Inilarawan niya kung paano inilihis ng gobyerno ng Indonesia ang mga subsidyo na naglalayong bawasan ang fossil energy upang makapagbigay ng malaking subsidyo para sa mga may-kaya upang makabili ng mga de-kuryenteng sasakyan.

- **Ang mga pamahalaan ng Global South na mga bansa, na pinahihirapan ng kolonyalismo at kasalukuyang pandaigdigang ugnayan ng kapangyarihan, ay nagdadala ng mga negatibong kahihinatnan ng pagbabago ng klima. Kinakailangan na ang mga bansa sa Global North, na yumaman sa pamamagitan ng kolonyalismo at neo-kolonyalismo, ay pasanin ang mga gastos sa krisis sa klima.**

Bagama't ang mga populasyon mula sa Global South ay ang mga nakatiis sa pinakamasamang krisis sa kapaligiran, ang pinakamayayamang bansa sa mundo ay may pananagutan para sa 80% ng mga carbon emissions, ang pangunahing kontribyutor sa pagbabago ng klima. Dapat sagutin ng mga mayayamang bansa ang karamihan sa mga gastusin at bunga ng krisis sa klima.

Noong 2009, sa COP15 na klimang pagpupulong sa Copenhagen, ang mga matataas na kita na mga ekonomiya ay nangako na magpapakilos ng kabuuang $100 bilyon taun-taon upang pondohan ang mga proyektong adaptasyon at pagpapagaan sa 2020. Noong 2015, nang nilagdaan ng mga bansa ang Kasunduan sa Paris, nangako silangbalansehin ang pagpapagaan at pagbagay, atiminungkahi ang prinsipyo ng *karaniwan pero pinagkaiba-ibang responsibilidad at kanya-kanyang kakayahan*, na sa katotohanan ay patuloy na nagpapahina sa pinansiyal na suporta para sa naapektuhan ng klima, mga naghihirap na bansa. Kasunod ng gawaing pagtataguyod ng maraming organisasyon ng lipunang sibil at sa partikular na paghihimok ng mga maliliit na estado ng isla, sumang-ayonang COP27 (2022) na palawigin ang pagpopondo para masakop din ang pagkawala at pinsala. Hindi nakakasiguro kung paano aktwal na gagana ang pondo at kung ang suporta ay makakarating sa mga apektadong populasyon.

Binigyang-diin ng mga panelists na sa ilang mga kaso ay may mga batas at plano ng pagkilos ngunit ang pagpapatupad ay isang hamon. Gaya ng binanggit ni Aydah Akao, ang Solomon Islands ay may partikular na batas para sa Disaster Risk Reduction (DDR) ngunit ang Ministri na namamahala ay walang kapasidad (lalo na ang yamang tao) na ipatupad ito. Sa ibang mga kaso, walang nakikitang pangako at kulang din at hindi sapat ang pagtugon ng pamahalaan. Sinabi ni Triana K. Wardani na ang mga proyekto para sa adaptasyon at pagpapagaan ng global warming at pagbabago ng klima na isinasagawa ng gobyerno ng Indonesia ay hindi nagsisimula na tugunan ang buong epekto ng pagkawala at pinsalang nararanasan ng mga mamamayan ng Indonesia.

- **Ang mga alyansa ay kritikal upang labanan at mabawasan ang mga epekto ng krisis sa klima**

  *Mas magiging matatag tayo kung magtutulungan, a*ni ni Editha Barrientos mula sa Sandigan. Ang webinar ay isang puwang para sa pagbuo ng kaalaman upang maunawaan kung paano konektado ang lahat at ang pangangailangang magsanib-puwersa. Ang pagbabago ng klima ay isang pandaigdigang isyu, at ang pagtugon ay nangangailangan ng pandaigdigan at inter-sektoral na kooperasyon (mga karapatan ng mga manggagawa at migrante, mga peminista, mga tagapagtanggol sa kapaligiran...) Ang SERUNI sa Indonesia ay nag-oorganisa ng mga kababaihang nagtatrabaho sa mga plantasyon sa alyansa sa mga kabataan, magsasaka at iba pang organisasyon. Nagtutulungan sila upang itaas ang kamalayan at igiit ang kanilang mga karapatan. Gaya ng sinabi niya, *napakahalagang palakasin ang mga komunidad sa lupa.*

Tungo sa plataporma ng sama-samang adbokasiya: Mga pangunahing kahilingan sa patakaran

Ang mga panelist ay hiniling na buuin ang kanilang mga karanasan at i-highlight ang ilang pangunahing hinihingi ng patakaran na isama sa isang kolektibong platform ng adbokasiya.

Bagama't partikular at ayon sa konteksto ang mga epekto ng pagbabago ng klimaayon sa kasarian,ibinahagi ng mga panelist na maraming kababaihan ang nahaharap sa katulad na sitwasyon sa ibang-iba na konteksto kapag nahaharap sa mga epektong iyon. Ang mga karaniwang pakikibaka at kasunod na mga kahilingan sa patakaran ay kapaki-pakinabang upang bumuo ng kolaborasyon, kahit na pinahahalagahan ang mga lokal na nuances. Hinikayat ng mga panelist:

- Ang mga kababaihan at mga komunidad sa pangkalahatan, ay dapat mabayaran para sa mga pagkalugi mula sa mga kalamidad na may kaugnayan sa pagbabago ng klima.
- Ang mga plano at patakaran sa adaptasyon ay dapat ipatupad sa iba't ibang sektor at sa iba't ibang antas. Kabilang dito ang trabaho at pagsasanay ngkakayahan at direktang suporta sa pananalapi sa mga apektadong tao upang matiyak na habang maaaring isang opsyon ang paglipat, hindi lamang ito para sa kaligtasan.

- Kung ang migrayson ay kinakailangan, dapat tiyakin ng mga sumusuportang patakaran ang mga karapatan ng mga migrante sa paglalakbay at sa mga bansang patutunguhan, kabilang ang proteksyon ng pamanang kultural at mga kasanayan, at espesyal na atensyon sa mga pangangailangan at karapatan ng kababaihan.
- Ang iba't ibang sektor at grupong apektado ng mga patakaran sa paglilipat at krisis sa klima ay dapat maging bahagi ng disenyo at pagpapatupad nito –

tiyakang mga kababaihan, gayundin ang mga manggagawa, kabataan, at mga taong may kapansanan. Halimbawa, ang mga patakarang ito ay dapat may mga tagapagpahiwatig upang masukat ang integrasyon ng kababaihan sa mga sektoral na patakaran tulad ng enerhiya, tubig, at pamamahala ng basura. Ang inklusibong patakaran ay dapat humantong sa mas maayos at mas epektibong implementasyon.

- Ang mga patakaran kaugnay sa klima ay dapat na bumalangkas batay sa siyentipikong datos at may kasamang legal na balangkas na nakabatay sa mga karapatan at tumutugon sa kasarian, lalo na sa larangan ng mga pampublikong serbisyo.
- Higit pang kolaborasyon at pakikipagtulungan sa mga lokal at nakabatay sa komunidad na NGO ang kailangan, kasama na ang gawain sa frontline laban sa pagbabago ng klima at mga kahilingan para sa pananagutan ng mga transnational na korporasyon.
- Dapat maibalangkas ng mga lokal na pamahalaan ang mga organisasyong nagtatrabaho sa pagpapagaan at pagbagay sa klima at isali sila sa disenyo at pagpapatupad ng mga patakaran.

_ _ _ _

Hinahangaan ng WIMN ang pakikilahok ng lahat sa webinar na ito, at nagpapasalamat sa ibinibigay na suporta at pakikipagtulungan sa Solidarity Center. Ang webinar na ito ay bahagi ng patuloy na pagsisikap ng WIMN na bumuo ng higit na pag-unawa sa pagkakaugnay ng pandarayuhan at pagbabago ng klima mula sa isang peministang pananaw, kabilang ang pagtukoy ng mga punto ng tagpo o hindi pagkakasundo sa mga sektor at rehiyon.

Nilalayon ng WIMN na lumikha ng isang kolektibo at feminist mobility advocacy platform mula sa ibaba hanggang pataas na maaaring pag-ariin ng mga miyembro at kaalyado at magamit sa maraming espasyo ng patakaran; tayo ay magpupulong ng mga intersectoral na space para palawakin ang ating mga talakayan.